PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG
# BULACAN

## MENSAHE NG PUNONG LALAWIGAN

Pagpupugay sa mga kabataang Bulakenyo na magsisipagtapos sa **Panuruang Taon 2024-2025!**

Sa makahulugang yugtong ito, taglay na ninyo ang karunungan at kakayahang hindi kayang agawin ninuman. Tangan na ninyo ang sandatang magdadala sa inyo papalapit sa katuparan ng inyong mga pangarap.

Narito kayo dahil sa inyong husay at pagsisikap, gayundin sa tulong ng inyong pamilya at sa gabay ng inyong mga guro. Higit sa lahat, narating niyo ang tagumpay na ito sa patnubay at pagpapala ng ating Panginoon.

Bilang pasasalamat sa Diyos, nawa ay tumbasan ninyo ng **kagandahang-asal at mabuting kalooban** ang inyong karunungan at kakayahang nakamit. Ang tunay na diwa ng inyong pagtatapos ay nasasalamin sa pagbabahagi ninyo ng biyaya sa iba. Ang tunay na tagumpay ay ang pamumuhay ninyo nang may respeto at malasakit sa kapwa.

Mga minamahal kong kabataan, kasabay ng aking pagpupugay sa inyo ay isang pangako— na patuloy ninyong magiging kaagapay ang inyong lingkod sa pagtupad ng inyong pangarap at pagkamit ng marami pang tagumpay sa buhay. Kaya't ang aking panawagan ay magtiwala kayo sa inyong sarili. Magtiwala kayo sa mga taong naniniwala sa inyo. Magtiwala kayo sa Panginoon sa Kaniyang plano para sa inyong buhay.

Sa paglipas ng panahon, hangad ko na makita ko kayong muli at marinig ko naman ang kwento kung paano ninyo isinabuhay ang inyong mga natutunan sa inyong paaralan; kung paano ito nakatulong upang matupad ang pangarap ng Diyos para sa inyo; kung paano ninyo ginamit ang inyong tagumpay upang makatulong sa kapwa; at kung paano kayo nag-ukit ng magandang pagbabago sa ating lalawigan at bansa.

Muli, congratulations at mabuhay ang ating makabagong kabataan! Ipinagmamalaki ko kayo at ng sambayanang Bulakenyo!

*Mabuhay ang dakilang Lalawigan ng Bulacan!*



**GOB. DANIEL R. FERNANDO**

*"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo"*

## MENSAHE MULA SA

# TANGGAPAN NG PANGALAWANG PUNONG LALAWIGAN

Isang maalab na pagbati sa ating mga nagsipagtapos at mga kinikilalang natatanging mag-aaral sa Akademikong Taong 2024-2025!

Sa araw na ito, ating ipinagdiriwang hindi lamang ang pagtatapos ng isang yugto sa inyong buhay, kundi ang katuparan ng inyong pagsisikap, tiyaga, at determinasyon. Ang inyong diploma o medalya ay hindi lamang isang papel o katibayan—ito ay sagisag ng inyong sakripisyo, pagpupunyagi, at matayog na pangarap para sa inyong hinaharap.

Sa likod ng inyong tagumpay ay may mga gurong buong pusong gumabay, nagturo, at nagbigay-inspirasyon upang maabot ninyo ang yugtong ito. Sa inyong mahal na guro at mga opisyal ng paaralan, taos-puso ang aming pasasalamat sa inyong dedikasyon at pagmamahal sa paghubog ng kinabukasan ng ating kabataan. Katuwang ninyo ang ating masisipag na magulang na walang sawang sumuporta at umagapay sa kanilang mga anak upang marating ang araw na ito ng tagumpay.


Sa ating mga minamahal na mag-aaral, patuloy ninyong gamitin ang inyong natutunan upang maging ilaw sa landas na inyong tatahakin. Ang edukasyon ay inyong sandata sa hamon ng buhay, at hangga't may lakas at kakayahan, ito ang aming patuloy na isusulong bilang pangunahing prayoridad.

Sa ating mga magulang, saludo po kami sa inyong walang sawang pag-aaruga, paggabay, at pagmamahal sa inyong mga anak. Ang kanilang tagumpay ay tagumpay din ninyo. Higit sa lahat, pasalamatan natin ang ating Panginoon sa Kanyang walang hanggang biyaya, paggabay, at pagmamahal na siyang nagbigay daan sa ating tagumpay.

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan, sa pangunguna ni Governor Daniel R. Fernando at ng inyong lingkod, Bise Gobernador Alex Castro, ay patuloy na magpapalakas ng mga programang pang-edukasyon upang higit pang mapatatag ang kinabukasan ng ating kabataang Bulakenyo.

Muli po ay maligayang pagtatapos at nawa'y maging matagumpay tayo sa lahat ng ating mithiin! Mabuhay ang mga nagsipagtapos ngayong 2025! Mabuhay po tayo at ang ating dakilang Lalawigan ng Bulacan!

**ALEX C. CASTRO**
PANGALAWANG PUNONG LALAWIGAN




VG Alex Castro #BagongMukhaNgBulacan